Republic of the Philippines

# Department of Education

Hagonoy West District

STA MONICA ELEMENTARY SCHOOL

## IKALAWANG-MARKAHANG PAGSUSULIT
## EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO III

## T A B L E  O F  S P E C I F I C A T I O N

| LAYUNIN | Bilang ng araw na Naituro | BILANG NG AYTEM | % | KINALALAGYAN |
|---|---|---|---|---|
| Naipadadama ang pagmamalasakit sa kapwa na may kapansanan sa simpleng paraan. | 10 | 10 | 25 | 1-10 |
| Nakapagpapakita ng malasakit sa may mga kapansanan | 5 | 5 | 12.5 | 10-15 |
| Naipapakita ang pagpapahalaga sa taong may kapansanan. | 10 | 5 | 12.5 | 15-20 |
| Naisasaalang-alang ang katayuan/kalagayan/ pangkat etnikong kinabibilangan ng kapwa bata sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pagkain, laruan, damit at iba pa. | 5 | 10 | 25 | 21-30 |
| Nakapagpapakita nang may kasiyahan sa Nakapagpapadama ng malasakit sa kapwa na may karamdaman sa pamamagitan ng mga simpleng Gawain | 10 | 5 | 12.5 | 31-35 |
| Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipagkapwa-tao. | 5 | 5 | 12.5 | 36-40 |
| **Kabuuan :** | 45 | 40 | 100% | |

Department of Education
Hagonoy West District
STA MONICA ELEMENTARY SCHOOL

# IKALAWANG-MARKAHANG PAGSUSULIT
# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO III

**Pangalan : ________________________________Baitang/Pangkat: ________________**

**A. Panuto: Kulayan ang puso ng pula kung ito ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa may karamdaman at asul kung hindi.**

_______1. Pagtulong sa mga gawaing bahay lalo na kapag maysakit ang magulang.

______2. Pagkukuwento ng masamang pangyayari sa kaklaseng maysakit.

3. Paglalaan ng oras sa pagdarasal para sa mabilis na paggaling ng mga may karamdaman.

______4. Pagbibigay ng get well soon card sa kaibigang may karamdaman.

______5. Pagdadala ng sariwang prutas sa maysakit.

**B. Panuto: Isulat ang TAMA kung ang sitwasyon ay nagpapahayag ng pagmamalasakit sa kapuwa at MALI naman kung hindi.**

____ 6. Nakita mong pinagtatawanan ng mga bata ang aleng may saklay kaya nakitawa ka rin.

____ 7. Nakita mong mali ang direksiyong tinatahak ng mamang bulag kaya inalalalayan mo siya.

____ 8. Nabasa mo sa anunsiyo sa inyong barangay na may patimpalak sa pag–awit at tanging may mga kapansanan lámang ang maaaring sumali. Agad mo itong ibinalita sa iyong mga kaibigan.

____ 9. Pinalalakas mo ang loob ng kaibigan mong bulag sa kaniyang pagsali sa singing contest sapagkat batid mong siya'y mahusay rito.

____ 10. Iniabot mo ang tungkod ng pilay sa kanya dahil natumba ito.

**C. Panuto: Lagyan ang tsek (/) ang patlang kung tama at ekis (x) naman kung ito ay mali.**

____ 11. Pinahinto ng ama sa pag-aaral ang anak dahil siya'y lumpo.

____ 12. Isinama ng buong pamilya ang anak na may kapansanan sa kanilang pamamasyal.

____ 13. Ipinaampon ng mag-asawa ang kanilang anak na may kapansanan.

____ 14. Nagbigay ng wheelchair ang kaibigan niyang kapitbahay sa batang may kapansanan.

____ 15. Niyaya ni Troy ang piping kaklase na sumali sa paligsahan sa pagsayaw.

**D. Panuto: Gumuhit ng puso sa patlang ang mga sitwasyong nagpapakita ng pagsaalang-alang ng katayuan/kalagayan/pangkat–etnikong kinabibilangan ng kapwa bata at iguhit naman ang araw kung hindi.**

______16. Pinagtawanan ng kapwa nya bata ang bagong dating na mag-aaral dahil hindi siya makapagsalita at maka-intindi ng tagalog.

______17. Ang lahat na walang bagong damit ay hindi makakadalo sa kaarawan ni Maria.

______18. Binigyan ng mga pagkain at laruan ang mga batang nasa lansangan.

______19 Hindi pinaalam ng tindera ng pagkain na ang inihain niya sa batang muslim ay may karneng baboy.

______20. Pantay-pantay na ipinamamahagi ang mga regalong pamasko ng mga kawani ng Sanggun iang Bayan ng Los Banos sa mga batang dumalo sa party.

**E. Panuto: Ilagay ang tsek(✓) sa diyalogo sa ibaba na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kapwa bátang nabibílang sa pangkat etniko. Ekis(x) naman kung hindi.**

___21. "Nakita mo ba ang kulay ng balat ng Ayta. Yak!"

___22. "Ato, heto ang labis kong papel. Gamitin mo."

___23. "Sumama ka sa akin sa plaza, isasali kita sa proyekto sa pagbása."

___24. "Ang itim-itim mo, umalis ka nga rito!"

___25. "Ihanda mo Lucy ang iyong I.D. at ieenrol kita sa pagpipinta upang maihayag mo ang inyong kultura."

**F. Panuto: Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Isulat ang OPO kung ito ay nagsasaad ng pagmamalasakit sa kapwa at HINDI naman kung hindi.**

____26. Hindi ako nag-iingay kapg natutulog ang kapatid kong may sakit.

____27. Ibinibili ko ng malalaking sitsirya ang aking pinsan na may sakit upang mabusog siya.

____28. Sa tuwing maysakit ang bunso kong kapatid ay pinupunasan ko ng maligamgam na tubig ang kaniyang noo gamit ang bimpo.

____ 29. Hindi ako nakikisali sa pag-aalaga man lang o pag-abot ng mga pangangailangan ng aking kaanak kapag sila'y maysakit o karamdaman.

_____30. Dinadalhan ko ng prutas at mainit na sabaw ang kaibigan kong may sakit.

**G. Panuto: Basahin ang mga gawain. Lagyan ng masayang mukha kung ito ay pakikiisa at malungkot na mukha kung ito ay hindi.**

_____31. Sinasabayan ko ang pagkanta ng choir kapag ako ay nagsisimba.

_____32. Hindi ako nakikinig sa mga katuruan sa simbahan dahil inaantok ako.

_____33. Sumasama ako sa mga magulang ko tuwing my Bible Study sa aming simbahan.

_____34. Hindi ako sumasali sa mga patimpalak dahil nahihiya ako

_____35. Tumutulong ako sa aming baranggay upang magpasaya ng mga batang ulila.

**H. Panuto: Lagyan ng tsek(✓) ang bawat diyalogo sa ibaba na nagpapakita ng pakiisa sa mga palaro o paligsahan at iba pang gawaing pambata. Ekis (x) naman kung hindi.**

___36. "Ayoko na lang ang sumali sapagkat nahihiya ako kasi napakaraming manonood."

___37 "Maricel, mauna ka na sa paaralan, tinatamad akong dumalo sa paligsahan."

___3.8 "Talo na naman tayo! Ayaw ko nang sumali sa susunod. Naiinis ako!"

___39. Dumalo sa programa sa paaralan tungkol sa pagbabasá. Nais kong tingan kung sinu-sino sa mga kaklase natin ang mahina pa bumasa at pagtatawanan ko sila.

___40. "Salamat po, Panginoon, sa aming pagkakapanalo. "

IEDUKASYON SA PAGPAPAKATAO III

# Answer key




1.

2.

3.

4.

5.

6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Tama
11. X
12. /
13. X
14. /
15. /
16. 
17. 
18.
19. 
20.
21. X
22. /
23. /
24. X
25. /
26. Opo
27. Hindi
28. Opo
29. Hindi
30. Opo



31.



32.



33.



34.



36. x

37. x

38. x

39. x

40. /